Food Service Accessories

SINGLE-USE & PLASTIC WASTE PREVENTION REGULATION

gov.bc.ca/reuse

Ano ang itinuturing na food service accessory?
Ito ang single-use items na karaniwang ibinibigay sa mga customer kasama ng prepared food at drinks.

Ano ang dapat mong malaman

Simula noong Disyembre 20, 2023, ang B.C. food service providers ay hindi na maaaring mag-alok ng single-use (disposable) plastic utensils (kubyertos).

IPINAGBABAWAL

Ang food service providers ay maaaring magbigay ng ibang disposable items kapag lamang ito hiningi at sa self-serve stations.

AVAILABLE KAPAG NIREQUEST

Ano ang dapat mong gawin

1. Itigil ang paggamit ng plastic utensils

Huwag bigyan ang mga customer ng single-use plastic na kutsilyo, tinidor, kutsara, chopsticks, stir sticks, o splash plugs, kabilang na ang mga may kaunting plastic at ang mga ginawa sa compostable, biodegradable, o oxo-degradable plastic.

2. Itigil ang pag-alok ng packets ng single-use items

Huwag bigyan ang mga customer ng mga nakapaketeng disposables, tulad ng tinidor at kutsilyo o chopsticks na nakapakete nang magkasama at may napkin.

3. Ibigay ang ibang single-use accessories kapag lamang nirequest ang mga ito.

Huwag awtomatikong magbigay ng disposables. Ang items na ito ay ibibigay lamang kapag hiningi sila ng customer, kinuha sila sa isang self-serve station, o tinanggap sila kapag inalok ito ng staff o gamit ang online order form.

4. Magtago ng mga record

Kung ikaw ay nag-ooperate ng online food-delivery platform at tumatanggap ka ng mga order para sa mahigit sa isang food service provider, kailangan mong magtago ng record ng persentahe ng mga delivery na nagrerequest o tumatanggap ng food service accessories. Ang mga record ay dapat itago nang dalawang kalendaryong taon.

Anong single-use accessories ang maaaring ibigay kapag nirequest?

AVAILABLE KAPAG NIREQUEST

Wooden utensils

Condiments

Mga takip at sleeves ng drink cups

Napkins at wet wipes

Straw

Garnishes (hal., plastic sushi grass, drink umbrellas)

Ang items na ito ay exempt sa **ilang mga sitwasyon** sa ilalim ng regulasyon

MGA HINDI KASAMA

Mga takip para sa drinks na binili sa isang drive-through window o para sa delivery o pick-up

Single-use accessories (isa-isa o bundled) na gagamitin sa care facilities

Ang fact sheet na ito ay bahagi ng isang toolkit na ginawa para tulungan ang mga negosyo sa B.C. na tumupad sa regulasyon.

Naghahanap ka ba ng ibang mga magagamit sa halip ng single-use plastics? Hanapin ang aming handy alternatives guide at fact sheets tungkol sa ibang mga ipinagbabawal na items, at karagdagang tools na maaaring i-print – kabilang na ang posters at signs na magagamit mo para sabihan ang iyong staff at customers – sa **gov.bc.ca/reuse**.

Sa pamamagitan ng Single-Use and Plastic Waste Prevention Regulation ay unti-unti nang inaalis ng B.C. ang maraming single-use plastic items na mahirap i-recycle. Binabawasan nito ang waste, prinoprotektahan nito ang ating kapaligiran, at gumagawa ito ng mas malinis na kinabukasan para sa lahat ng British Columbians.

BRITISH COLUMBIA

Ministry of Environment and Climate Change Strategy